# IKATLONG MARKAHANG PAGSUSULIT
# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 5

Pangalan : ______________________________ Petsa : ________________________

Guro :__________________________________ Baitang – Pangkat: ______________

I.PANUTO: Basahin at Unawain ang mga sumusunod na sitwasyon. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Nakita mong patawid sa kalsada ang isang babaeng matanda at marami siyang dala-dalang gamit. Ano ang gagawin mo?
   a. Pabayaan ko lang siya, matanda na siya c. titingnan ko lang siya
   b. Tutulungan ko siya sa pagbitbit at pagtawid d. sasabihin ko sa traffic enforcer n tulungan ang matanda
2. Magaling sumayaw si Michaela.Isang kaibigan ang nanghingi ng tulong, nais nitong matutong sumayaw. Bakit siya pagbibigyan ni Michaela?
   a. Upang lalo silang maging matalik na magkaibigan. C. Upang maibahagi niya ang kanyang angking kakayahan
   b. Upang pagbibigyan din siya kapag siya na ang nangangailangan. D. upang mabigyan siya ng bayad
3. Ano ang mga pamantayan ng iyong pagtulongsa iyong kapwa?
   a. Dapat ito ay bukal sa kalooban c. para may aantaying kapalit
   b. Upang maging sikat d. upang kumite
4. Anong dapat gawin upang malaman kung karapat dapat ang tulungan ang ating tinutulungan?
   a. Kilatisin kung tunay na nangangailangan ang tutulungan
   b. pagbigyan na lamang upang di na mangulit pa
   c. hayaan na kahit na ano pa ang knilang gagawin sa bagay na binigay
   d. magsasawalang kibo na lang ako
5. Alin sa mga magagandang katangian ng mga Pilipino ang tinataglay sa isang bayanihan?
   a. matulungin b.masayahin c. maasikaso d. malikhain
6. Hindi maiangat ng munting mag-aaral ang kanyang bag pababa sa hagdanan. Ano ang iyong gagawin?
   a. Magkunwaring di nakikita c. sabihin mo sa iyong kasama na siya nalang ang tumulong
   b. Lalapitan ang bata at tulungan d. lalayo ako sa lugar na iyon
7. May dumaang bulag na pulubi sa inyong tahanan. Ano ang iyong gagawin?
   a. Ipahahabol ko siya sa aming aso c. papaupuin ko siya at bibigyan ng pagkain
   b. Magkunwari na di siya napansin d. sasabihin ko doon na lang siya sa kapitbahay pumunta
8. Tumutukoy saBisita o mga taong galing sa ibang lugar.
   a. Kalaban b. panauhin c. kaaway d. magnanakaw
9. Likas na ugali ng mga Pilipino tungkol sa pagsalubong sa bisita.
   a. Matulungin b. hospitable c. bayanihan d. masayahin

10. Paryentes; mga taong ang isang dugo ay nasa iisang pamilya.
    a. Kapitbahay b. kababayan c. kamag-anak d. kasamahan
11. Bilang Pilipino Paano mo maingat ang mga produktong gawa sa ating bansa.
    a. Tangkilikin ang sariling atin c. hanapin ang produktong gawa sa ibang bansa
    b. Ikahiya ang gawang Pilipinas d. sabihin sa mamimili gawa sa ibang bansa ang produkto mo.
12. Kapag narinig mong tumutugtog ang pambansang awit, ano ang dapat mong gawin?
    a. Di papansinin c. titigil at tatayo ng tuwid bilang paggalang

b. Itutuloy ang paglakad d. magmamadali upang malampasan ang lugar kung saan tumutugtog

13. Nakita mong pinagkakaguluhan ng iyong kakalase ang isang malaswang babasahin. Ano ang iyong gagawin?
    a. Makikitingin na rin c. hayaan ko lang sila
    b. Mag sawalang imik d. pagsasabihan ko sila na itigil nila ang pagbabasa at sunugin ang babasahin
14. Bilang mag-aaral ng ikalimang baitang, ano ang maitutulong mo upang maging malinis angating kapaligiran?
    a. Itapon ang mga basura sa tamang tapunan c. ikalat lang kung saan-saan ang mga balat ng pinagkainan
    b. Walang gagawin d. bata pa ako para tumulong
15. Buuin ang kasabihan. Ang Taong Malinis ay Malapit Sa ________________.
    a. Kaaway b. kapahamakan c. sakit d. Diyos
16. Ano ang dapat taglayin ng bawat isa upang mapanatili ang kalinisan ng kapaligiran?
    a. Katapangan b. katalinuhan c. disiplina d. palakaibigan
17. Narinigmongnangangailanganangiyongtiyuhin ng maramingmagagawangpapel at angsolusyon dun eh magpuputol ng maramingpunoangiyongama. Anoanggagawinmo?
    a. Ikakampanya ko ang pagtitipid ng papel sa aking mga kaklase upang mabawasan ang kunsumo nito.
    b. Hahayaan lang ang nakagawiang pagsasayang ng papel
    c. Marami namang puno.. di naman mauubos agad
18. Namamasyal kayo sa may lake ng may Makita kangbatanawalangpakundangansapagtatapon ng basurasa lake. Anoangiyonggagawin?
    a. Hayaan ko lang siya sa kanyang ginagawa c. gawin ko rin ang ginagawa niya
    b. Lalayo nalang ako sa kanya d. pagsasabihan ko siya na nakakadumi sa lake ang tinatapon niya
19. Nakita mo ang iyongnakakabatangkapatidnanagsisipilyonabukasanggripo ng tubig. Anoanggagawinmo?
    a. Papaluin ko siya c. pagsasbihan ko na dapat gumamit siya ng baso para di masayang ang tubig
    b. Di nman mauubos agad ang tubig,kaya hahayaan ko lang d. pabayaan ko nalang baka umiyak kasi siya
20. Upang makalanghap tayo ng sariwang hangin, ano ang ating dapat gawin?
    a. Magtanim ng mga halaman at puno c. magsunog ng mga goma at plastic
    b. Magtambak ng basura sa bakanteng lote d. hahayaan lang ang mga sasakyang bumubuga ng maitim na usok
21. Ang salitang ito ay nangangahulugang mapagmahal atmapag-aruga na hango sa pamamaraan ng pag-indak at pag-indayog ng mga nananayaw nito sa saliw ng mabining awitin.
    a. Tinikling b. pandango sa ilaw c. itik-itik d. Cariñosa
22. Nang yayain mo ang kapatid mong maglinis ay sinagot kang “Hindi ako boy scout. Ang paglilinis ay ginagawa lamang ng boy scout.”
    a. Sampalin ko siya upang matauhan siya sa sinabi niya
    b. hayaan ko siya yun ang gusto niya
    c. Ipauunawa ko sa kanya na ang bawat isa ay may tungkulin na maglinis
    d. Ako nalang ang maglilinis
23. Nakita mo ang iyong kaklase na nagtapon ng balat ng kendi sa parke kahit may nakasulat sa karatula na “BAWAL MAGTAPON NG BASURA DITO.”
    a. Ipahuhuli ko siya sa pulis
    b. ipagsasabi ko ang kaniyang ginawa
    c. Magkunwaring di siya kakilala
    d. sabihin ko sa kanya na bawal ang magtapon ng basura baka siya ay maparusahan.at di tama ang kanyang ginawa
24. Napansin mong habang nagsasalita ang inyong lider tungkol sa pangkatang gawain ang ilan sa iyong mga ka grupo ay hindi nakikinig.

a. Makikinig ako kahit ayaw nila c. kakalabitin ko sila at senyasan na makinig
b. Sisigawan ko sila upang tumahimik d. makikisali sa kanilang pinag uusapan

25. Titigil sa pag-aaral ang iyong matalik na kaibigan dahil nawalan ng trabaho ang kanyang mga magulang.
    a. Titigil din ako kasi malulungkot ako kapag wala na siya
    b. Sasabihin ko sa aking mga magulang baka makatulong sila
    c. Hindi ko na siya papansinin
    d. Kakalimutan ko nalang na nagging kaibigan ko siya
26. Hatinggabi na ngunit malakas paring nagpapatugtog ng radyo ang inyong kapitbahay
    a. Papakiusapan ko ang aming kapitbahay sa malumanay na salita na kung pedi bukas nalang ulit.
    b. Magpapatugtog din ako sa bahay ng malakas
    c. Isusumbong ko sila sa kapitan.
    d. Magtakip nalang ng unan.

**II.Isulat kung*Tama* o *Mali* ang isinasaad ng pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.**

______27. Tutulong ako sa lahat ng pagkakataon.

______28. Pipiliin ko ang taong dapat tulungan.

______29.Patutubuan ko ng malaki ang halagang aking naitulong.

______30. Tutulong ako ng bukal sa aking puso.

______31.Tutulong ako kung maraming taong nakakakita.

______32. Tutulong ako kung may kapalit na gantimpala.

______33.Magbibigay ako ng ng walang pag-aalinlangan.

______34. Tumulong lamang kung may

______35. Isapuso lagi ang pakikipagtulungan sa kapwa.

______36. Nakatutulong sa mga mag-aaral ang pagbabasa at panonod ng mga malalaswang gawain.

______37. Isumbong sa mga awtoridad ang mga nagtitinda ng mga malalaswang panoorin at babasahin.

______38. Isipin lagi ang magiging epekto ng gagawing pagpapasya.

______39. Hindi dapat lumalahok sa mga kampanya laban sa mga malalaswang panoorin at babasahin.

______40. Makisiksik ka sa mga mag-aaral na nagsisiksikan palabas ng silid kapag sunog sa paaralan.

**III.Lagyan ng tsek √ kung ang pangungusap ay naglalarawan ng magiliw na pagtanggap ng panauhin at ekis ✕ kung hindi.**

_______41. Ipaghanda ng meryenda ang mga panauhin sa inyong tahanan.
_______42. Paupuin at asikasuhin kapag may panauhin sa tahanan.
_______43.Pagsarhan ng pinto ang mga panauhin.
_______44.Kapag may dumating na panauhin ang iyong kapatid, hindi mo na ito kailangangasikasuhin.

_____45. Pakitunguhan nang maayos ang mga panauhin sa ating paaralan.

**IV.Lagyan ng masayang mukha kung tama ang isinasaad ng pangungusap at**

**mukhang malungkot kung hindi.**

_______46. Laging nakikiisa sa programa ng pamahalaan.

_______47. Umiwas sa mga gawaing pambayan.

_______48. Makikibahagi sa pagpapaunlad ng inyong barangay.

_______49. Hindi dapat maniwala na ang pagkakaisa ay pag-unlad.

_______50. Handang tumulog sa mga kapwa mamamayan.

_______51. Hindi ako bibili o manonood ng mga babasahing malalaswa ang nilalaman.

_______52. Sisirain ko ang anumang babasahing aking makita na may malaswang larawan at artikulo.

_______53. Isusumbong ko sa may kapangyarihan ang nagtitinda ng ganoong uri ng mga panoorin at babasahin.

_______ 54. Pakikiusapan ko ang aking mga magulang na huwag ng bumili ng ganoong uri ng mga panoorin at babasahin.

_______55. Lalahok ako sa mga kampanya laban sa paglaganap ng mga malalaswang panoorin at babasahin.

_______56.Hindi koitinataponsabintana ng sasakyanangmgabalat ng pagkainmataposkumainkapagako'ynagbibyahe.

_______57.Tumatakasakosapaglilinis ng silidaralankapagaraw ng paglilinis ng akingpangkat.

_______58.Nakikiisaako at tumutulongsaprogramangpangkalinisan at pangkapaligiransaamingpaaralan.

_______59.Pinupulotkoangmgakalatsapasilyo ng paaralankahitwalangnaguutossa akin.

_______60.Pinipitaskoangbulaklaksahalamanan.

_______61. Iniiwangkongbukasanggripohabangako ay nagsisipilyo.

_______62. Nagtataponako ng basurasakanal.

_______63.Nakikialamakosamganangyayarilalonasasobrangpagputol ng puno.

_______64.Natutuwaakosamgasamahangnagtataguyodsapangangalaga ng kapaligiran.

_______65.Nagtatanimako g bagongpunokung may pinutolnapuno.

**V. 66-70 .Ano ang dapat mong gawin sa sitwasyon. Anong tulong ang maibibigay mo?( 5 puntos)**

May dumating na malakas na bagyo. Isang bahay ang tinamaan ng buhawi. Dahil dito, isang mag-anak ang nawalan ng matutuluyan. Ano ang iyong maitutulong bilang kapitbahay? at sa paanong paraan ka tutulong?

**VI. 71-75. Gumuhit ng kapaligiran na may malinis at sariwang hangin. (5 puntos)**